# THE TAMARAO JOURNAL


WHAT'S INSIDE?


3 607 SENIOR CITIZENS SA LUNGSOD NG CALAPAN, NAKATANGGAP NG TULONG PINANSYAL MULA SA LOKAL NA PAMAHALAAN



VOLUME 3 No. 04 Dec. 04, 2023 - Dec. 10, 2023


## BATANGAS DEVELOPMENT SUMMIT 2023: FOCUSES ON BATANGAS AS AN ATTRACTIVE AND PROGRESSIVE DESTINATION




THE BATANGAS DEVELOPMENT SUMMIT (BDS) marked its 15th year run last December 1, 2023 which had the theme of Destination Batangas: Right Place, Right Time, Right Now.

The summit this year featured esteemed speakers such as: the Country Head of Jones Lang-LaSalle-Philippines, Mr. Joey Radovan, joined by the Senior Director for Office, Mr. Jason Abraham; Head of Capital Markets, Mr. P. Ryan Isip; and, Director for Logistics and Industrial, Mr. Charles McNaught. Aside from them, Ar. Sylvester Wong the National Chair of the Urban Land Institute - Philippines, and Amb. Jose Maria Cariño the Former Director General of the Foreign Service Institute of the Department of Foreign Affairs were also part of the BDS 2023's roster of distinguished resource speakers. Governor Mandanas also attended the summit and delivered a keynote address.

Mr. Radovan, together with his associates, talked about the real estate investment potentials of Batangas. Meanwhile Ar. Wong presented on sustainable land use within the province. And finally, Amb. Cariño discussed possible and future initiatives for Batangas' art and culture scene.

The summit also marked the return of the Key to the Province of Batangas (KTTP) Awards since the pandemic. During the pre-event press conference, 2 business heads were presented this award by none other than Governor Mandanas himself. The recipients were: Ms. Elena Trusova, Cluster Operations Lead of JTI Asia Manufacturing Corp.; and Mr. Masatoshi Hioki, Director of Sohbi Kohgei (Phils.) Inc. The KTTPB award is given by the Governor of Batangas to foreign nationals and select Filipino leaders with presence in the province of Batangas. The award is a symbol of goodwill and appreciation for their support to the growth and development of the province.

Since its inception, BDS has been a venue for discourse for different stakeholders from various sectors and industries. Discussions on plans and programs for the sustainable development of the region have also been a staple of the summit.

**About Batangas Development Summit**

BDS an annual conference that highlights the business, tourism, economic, and social developments in the province of Batangas. Now in its 15th year, it is the only conference of its kind in the province of Batangas.

The summit was first held in 2002 as a biennial event dubbed as the North Batangas Summit. It has gained significant attention through the years as well-known and respected personalities from different fields share their knowledge and insights.

Batangas Development Summit 2022 is organized by the Center for Batangas Initiatives (CBI) of FAITH Colleges. To learn more about BDS you may visit its website at www.batangasdevelopmentsummit.com.



*TINGNAN: Calapan Football Club attended the Bong Tanco Cup (40 yrs old and above category) in Ateneo de Manila last Nov 26, 2023.*



*TINGNAN: Calapan football club visits the home of Tamarao Journal publisher, Mr. Ruel Landicho.*

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM







**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**



TINGNAN: Kasalukuyang nagsasagawa ng Tulong Panghanapbuhay sa mga Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) Orientation ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial PESO sa pakikipagtulungan sa City PESO at DOLE na ginaganap sa Bulwagang Panlalawigan noong, Disyembre 7.

Umabot sa 272 na indibidwal mula sa Calapan City at ilan sa Naujan ang benepisyaryo ng nabanggit na programa.

Ayon kay DOLE Senior Labor and Employment Officer Ramezes Torres, malaking tulong ang nabanggit na programa sa ating mga kababayan. Gayundin, pasasalamat ang kanyang paabot kay Governor Bonz Dolor sa maagap na pakikipag-ugnayan kay Senator Ronald “Bato” dela Rosa para mapagkalooban ng naturang programa ang lalawigan.

Gaya ng nakagawian, ipinaliwanag sa mga workers ang kanilang magiging tungkulin sa barangay, ang mga kinakailangan nilang ipasa, at kung paano nila makukuha ang kanilang sahod.

Nakiisa rin sa gawain si City PESO Dr. Eder Redublo. (PIO Calapan)






# 607 SENIOR CITIZENS SA LUNGSOD NG CALAPAN, NAKATANGGAP NG TULONG PINANSYAL MULA SA LOKAL NA PAMAHALAAN

PERSONAL na binisita nina City Mayor Marilou Flores-Morillo, at City Councilor, Atty. Jel Magsuci ang mga senior citizen ng lungsod ng Calapan na tumanggap ng P3,000 na ayuda na ipinagkaloob ng Lokal na Pamahalaan, ginanap sa Barangay Canubing II, noong ika-6 ng Disyembre.

Nasa kabuuang 607 na senior citizens ang nabiyayaan ng naturang ayuda na nagmula sa Barangay Canubing II, Patas, Personas, at Sta. Rita, na matagumpay na naisakatuparan sa pangangasiwa at pagtutulungan ng pamahalaang lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Social Welfare and Development Department na pinamumunuan ni CSWD Officer, Ms. Juvy L. Bahia, RSW, at ng Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Lubos namang nagpapasalamat ang mga residenteng nagmula sa nasabing apat na barangay sa ipinagkaloob sa kanilang tulong pinansyal, dahil malaking suporta ito, para sa kanilang kabuhayan at gastusin sa pamilya, at higit sa lahat, bilang regalong magagamit nila, para sa pagdiriwang ng Pasko (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).



# MISA ALCULTURA, MAKABULUHANG NAISAGAWA

TAIMTIM na naidaos muli ang Opening Salvo, Lunes ika-4 ng Disyembre na pinangunahan ng Pamahalaang Lungsod sa pamamagitan ng Ina ng Lungsod, Mayor Malou Flores-Morillo.

Ang Misa Alcultura o Opening Salvo ang syang pormal na hudyat ng pagsisimula ng isang buwang pagbibigay pugay sa ating Pintakasing si Sto. Niño.

Sa tema ngayong taon na, *"Patrong Sto. Niño: Sumasalo at Sumasalo sa Buhay ng Bawat Calapeño"* — ipinaaalala sa atin na kung mamarapatin nating manatili at manahan sa atin si Hesus, ay mananatili rin Siya ng palagian sa ating buhay.

Pinangunahan ang naturang misa ni Fr. Ness Adalia, Ector ng Sto. Niño Parish — na nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa city government sa muling pangunguna sa pagpaparangal sa ating Patrong Sto. Niño.

Nagpahatid din ng taos-pusong pasasalamat ang simbahan at ang pamahalaang lungsod kina Mr. & Mrs. Guido Bagsic, ang tumayong Hermano Mayor noong nakaraang taon. Kasabay nito ay pormal na ring ipinakilala sa taumbayan ang bagong Hermano Mayor sa katauhan ni Mr. Orven Rabino.

Mainit rin namang nakibahagi sa misa si Vice Mayor Bim Ignacio, CA Atty. Raymund Al F. Ussam, Department Heads, Program Managers, Office Head at mga empleyado ng pamahalaang lungsod, City Councilors, Miss Calapan Candidates, ilan pang mga ahensya at opisina sa lungsod at marami pang iba.

Samantala, matapos ang banal na misa ay iniikot ang Mahal na Patrong Sto. Niño sa kalungsuran upang masilayan ng mga Calapenong deboto at makapagbigay ng basbas at patnubay sa mga ito (Kate Rondilla Redublo/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 04 Dec. 04, 2023 - Dec. 10, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *TULONG PANGKABUHAYAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD, IPINAGPASALAMAT NG MGA KABABAIHAN NG ILAYA*

PATULOY NA PAGBIBIGAY ng oportunidad sa desenteng hanapbuhay ang alay ng kasalukuyang administrasyon ni City Mayor Malou Flores-Morillo para sa Calapeño.

Sa Barangay Ilaya, Calapan City, may labing isang (11) miyembro ng samahan ng kababaihan ang matagumpay na nakapagtapos sa Garments Production Training na pinangasiwaan ng City Trade and Industry Department sa ilalim ng Maximum Access to Livelihood Opportunities for the Underpriviledged (M.A.L.O.U.) Program, isinagawa sa Ilaya Barangay Hall, Nobyembre 28, 29, at 30, 2023.

Sa kanilang pagtatapos ay taas-noong ipinagmamalaki ng mga benipisyaryo ng programa na sila ngayon ay hindi na simpleng mga babae at Ina ng tahanan lamang, dahil marunong na silang kumita ng pera at makapag-ambag sa pangangailangan ng kanilang pamilya.

Sa pamamagitan ng kanilang tagapagsanay na si Ms. Merly Martinez, ay natuto silang gumawa ng kurtina, apron, bed sheet, at iba't ibang uri ng bag (loot bag, sling bag, beach bag). Sa huling araw ng pagsasanay ay naging panauhing tagapagsalita si Mr. Joseph Umali, Chief of Staff – Office of the City Mayor. Dito ay kanyang ipinarating ang pagsuporta ni Mayor Malou sa mga kababaihan ng Ilaya. Kanya ring ipinaabot pasasalamat sa Sangguniang Barangay na patuloy na yumayakap sa mga programa at proyektong ibinababa ng pamahalaang lungsod.

Ipinayo din niya sa mga benipisyaryo na sana ay huwag sayangin ang magandang oportunidad, bagkus ay pagyamanin at palaguin ang puhunan na kanilang natanggap.

Ang CTID aniya ay palaging nakaalalay upang gawing organisado ang samahan gayundin ay upang matulungan sila na maibenta sa merkado ang kanilang mga gawang produkto.

Itinuturing naman ni Barangay Captain Jesusa Narsoles, na malaking biyaya ang programang ito, tinatanaw niya ang positibong hinahararap na kikilalanin ang kanilang lugar bilang prodyuser ng maganda at matibay na bag.

Aniya pa, ito ay umpisa pa lamang ng maayos na ugnayan ng Barangay Ilaya at ng pamahalaang lungsod. Naroon din upang makiisa sa nabasing aktibidad ang nakababatang kapatid ni Mayor Malou na si Tita 'Isay' Flores-Sy, Mr. Jaypee Vega, Head of Barangay Affairs and Sectoral Concerns at Ms. Melanie Cabuhat-Hoshina, KALAPENYA Federation President.

Pormal na ring ipinagkaloob sa samahan sa pamamagitan ng pamunuan ng Barangay Ilaya ang start-up kit mula sa City Government na kinapapalooban ng limang (5) singer sewing machine, mga tela at iba pang kagamitan sa pananahi na ang kabuuang halaga ay aabot sa P88,000,00.

Dahil nasiyahan ang kanilang trainer na si Ms. Merly Martinez sa dedikasyon na matuto ang kanyang mga estudyante ay nagkaloob ito ng special prizes sa mga pinakamahusay at pinakamabilis matuto (Junard Acapulco/CIO).

